**Self-Learning Kit sa Araling Panlipunan 10**
**(Kontemporaryong Isyu)**

# SULIRANING PANGKAPALIGIRAN



**ROFELIA B. GUDIA**
*Rizal National High School*

**Araling Panlipunan - 10**
**Self-Learning Kit**
**Mga Suliraning Pankapaligiran**
**2023**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: **SARA Z. DUTERTE-CARPIO**

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

Manunulat: **ROFELIA B. GUDIA** - Teacher III, Rizal National High School

Editor: **FERSABELA A. MATAGA** - Master Teacher I/AP Coordinator
**LIBERTY C. DELA CRUZ**- Head Teacher III
**HELEN P. CABREROS** – Head Teacher IV
**FERSABELA A. MATAGA** – Master Teacher I, School Learning Resource Coordinator
**ELMERCHITA B. RIBUCA** – Principal II

Tagasuri: **ROBERT T. RUSTIA**-Division Education Program Supervisor-Araling Panlipunan
**MARIVEL G. MORALES** - Division Education Supervisor- LRMDS
**JENELYN B. BUTAC** – Division Librarian II
**JAYLORD B. GALLARDE**- Project Development Officer II

Tagaguhit: **JAYCHELLE A. BALARBAR**

Tagalapat: **ROFELIA B. GUDIA**

Tagapamahala: **ROBERT T. RUSTIA**, Education Program Supervisor-Araling Panlipunan
**JANETTE V. BAUTISTA, EdD** - Chief Education Program Supervisor-CID
**JONATHAN S. FRONDA,PhD,CESE -** Assistant Schools Division Superintendent
**FLORDELIZA C. GECOBE PhD., CESO V** - Schools Division Superintendent

Inilimbag sa Pilipinas ng
Department of Education –Region II
Schools Division of Santiago City
**Telephone Nos.:** (078) 682-0151; (078) 682-0156
**Email Address:** santiago.city@deped.gov.ph

# PAUNANG SALITA

Ang Self -Learning Kit na ito sa Araling Panlipunan ay inihanda para sa mga mag-aaral sa Ikasampung - Baitang. Layunin nito na mauunawaan ng mga mag-aaral ang ibat-ibang suliraning pangkapaligiran, dahilan, epekto at kasama ang pangangalaga sa kalikasan.

Bilang kabahagi ng komunidad, mahalagang maging mulat sa mga suliraning pangkapaligirang nararanasan sa kasalukuyan.

Ang mga pagsasanay at gawaing nakapaloob sa SLK na ito ay inaasahang ang mga mag-aaral na: a. maging mulat sa mga isyu at hamong hinaharap ng lipunan upang maging aktibong bahagi sa paglutas ng mga suliraning pangkapaligiran.

b. maunawaan ang mga isyung kabahagi sa mga pagkilos at pagtugon sa mga hamon dala ng mga isyung pangkapaligiran.

## ARALING PANLIPUNAN 10
## MGA SULIRANING PANKAPALIGIRAN

### PAMANTAYANG PANGNILALAMAN

Ang mag-aaral ay may pang- unawa sa mga sanhi at implikasyon ng mga hamong pangkapaligiran upang makabahagi sa pagtugon na makapagpapabuti sa pamumuhay ng tao.

### PAMANTAYANG PAGGANAP

Ang mag-aaral ay nakabubuo ng angkop na plano sa pagtugon sa among pangkapaligiran tungo sa pagpapaunlad ng pamumuhay ng tao.

### PINAKAMAHALAGANG KASANAYAN SA PAGKATUTO AT KODA

Natatalakay ang kalagayan,suliranin at pagtugon sa isyung pangkapaligiran ng Pilipinas (MELC 2)

### MGA LAYUNIN

1. Natutukoy ang iba't ibang suliraning pangkapaligiran

2. Nasusuri ang mga dahilan at epekto ng mga suliraning pangkapaligiran ng Pilipinas

3. Nabibigyang halaga ang pangangalaga sa kapaligiran

**ANO ANG NANGYARI?**

Isagawa, *Word-Hunt!*
**Panuto:** Hanapin at bilugan sa Crossword puzzle ang mga halimbawa ng mga suliraning pangkapaligiran ng Pilipinas.

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| G | A | S | P | I | L | L | O | O | P | D | A | D | U | C |
| L | S | O | I | L | S | P | I | L | L | F | E | E | I | L |
| O | D | L | U | U | T | I | T | R | E | S | I | F | K | I |
| B | C | I | F | P | R | K | Y | U | I | Y | O | O | N | M |
| A | A | D | G | P | A | G | S | U | S | U | N | R | G | A |
| L | D | W | H | I | P | H | G | B | S | N | A | E | G | T |
| W | P | A | G | M | I | M | I | N | A | M | E | S | H | E |
| A | F | S | O | A | K | S | H | Y | T | O | Y | T | J | C |
| R | G | T | K | E | O | N | J | E | U | P | I | A | K | H |
| M | H | E | L | R | S | B | K | R | R | Q | O | T | L | A |
| I | L | L | E | G | A | L | L | 0 | P | G | I | I | Y | N |
| N | Y | N | M | Y | O | S | A | S | P | R | K | O | R | G |
| G | I | L | L | E | G | A | L | L | A | G | G | N | S | E |
| I | L | L | E | G | A | L | L | O | G | G | I | N | G | A |
| B | T | O | U | S | P | U | M | Y | S | S | L | E | Y | R |
| J | S | X | Z | R | Q | V | O | U | U | T | M | R | N | T |
| F | I | S | H | K | I | L | L | A | S | Y | N | T | M | H |
| K | O | Y | P | U | R | W | J | T | U | A | B | Y | O | N |
| L | P | H | O | E | S | X | N | I | L | Y | E | U | P | M |
| M | Q | W | Q | W | T | Y | Z | P | O | I | T | O | Y | K |
| N | R | E | R | T | J | K | L | M | G | O | W | P | T | H |

**PAUNANG PAGTATAYA**

**Panuto:** Basahin at unawain ang sumusunod na katanungan. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Alin sa sumusunod ang hindi sanhi ng Climate change?
   a. Labis na paggamit ng enerhiya
   b. Matitinding pagbaha
   c. Matinding polusyon
   d. Paggamit ng mga produkto na nagpaparami sa greenhouse gases

2. Ito ay tumutukoy sa anumang pangyayari, kalagayan, o problemang may kinalaman sa pagkasira ng kapaligiran at sa balanseng ekolohikal.
   a. Suliraning Pangkapaligiran
   b. Suliranin sa Solid waste
   c. Pagtrotroso
   d. Pagmimina

3. Anong batas ang ipinatupad upang magkaroon ng legal na batayan sa iba’t ibang desisyon at proseso ng pamamahala ng solid waste sa bansa?

a. Republic Act 7586　　　c. Republic Act 8742
b. Republic Act 79482　　　d. Republic Act 9003

4. Saan nanggagaling ang malaking bahagdan ng itinatapong basura sa Pilipinas?
a. Pabrika　　b. Palengke　　c. Paaralan　　d.Tahanan

5. Ang sumusunod ay mga suliraning pangkapaligirang nararanasan sa Pilipinas maliban sa _____________.
a. Climate change　　b .Ilegal na droga
c. Solid waste　　d. Pagkasira ng mga likas na yaman

6. Ano ang tawag sa mga itinapong basura na nanggagaling sa mga kabahayan at komersyal na establisimyento?
a. Basurang institusyunal at industriyal　　b. Basura na mula sa agrikultura
c. Non-hazardous　　d. Solid waste

7. Alin sa mga sumusunod ang pangunahing dahilan ng pagkakaroon ng suliranin sa solid waste?
a. Di pagsunod sa tinatawag na waste segregation *o* pagbubukod ng basura
b. Marami ang nagtatapon ng basura mula sa tahanan
c. Tone-toneladang basura ang itinatapon sa mga ilog, estero at kalsada
d. Walang disiplina sa pagtatapon ng basura

8. Alin sa sumusunod ang pangunahing dahilan kung bakit ang dating kagubatan ay nagiging plantasyon,subdibisyon,o sentrong komersyo?
a. Ilegal na pagmimina
b. Ilegal na pagtrotroso
c. Pagdami ng populasyon
d. Paglipat ng pook tirahan

9.Ang illegal logging ay isa sa mga dahilan ng mga suliraning pangkapaligirang dinaranas ng Pilipinas ngayon. Alin sa sumusunod ang bunga nito?
a. Pagbaha
b. Pagguho ng lupa
c. Pagkawala ng tirahan ng mga hayop
d. lahat ng nabanggit

10. Ang pag-init ng temperature ng mundo ay nagdudulot ng mga sakuna gaya ng heatwave,baha at tagtuyot. Alin sa sumusunod ang maaaring maging epekto nito?
a. Nanganganib lumubog ang mga mababang bahagi ng bansa
b. Nagiging sagabal ito sap pag-unlad ng bansa
c Pagdami ng sakit gaya ng dengue,diarrhia,malnutrisyon at iba pa
d. Sanhi ito ng paglikas ng mga tao papuntang siyudad

## ANO ANG DAPAT MALAMAN?

Ang **suliraning pangkapaligiran** ay tumutukoy sa anumang pangyayari, kalagayan, o problemang may kinalaman sa pagkasira ng kapaligiran at sa balanseng ekolohikal.

Ang likas na kagandahan ng Pilipinas ay isa sa mga dahilan kung bakit ang turismo ay nagbibigay ng trabaho sa mga Pilipino. Ngunit, sa kabila nito ay tila hindi nabibigyang-halaga ang pangangalaga sa ating kalikasan. Sa kasalukuyan ay malaki ang suliranin at hamong kinahaharap ng ating bansa dahil sa pang-aabuso at pagpapabaya ng tao sa kalikasan. Ang kapabayaang ito ay nagpapalala sa mga natural na kaganapan tulad ng pagkakaroon ng malalaakas na bagyo, pagguho ng lupa, at malawakang pagbaha.

Sa huli, ang mga mamamayang umaasa sa kalikasan para mabuhay ang siya ring nakararanas ng hindi mabuting epekto sa iba't ibang aspekto ng pamumuhay. Ilan sa mga suliranin at hamong pangkapaligiran sa Pilipinas ay ang mga sumusunod; suliranin sa *solid waste*, pagkasira ng likas na yaman, tulad ng *deforestatio*n, pagmimina at *climate change*.

### Mga Suliraning Pangkapaligiran

1. **SULIRANIN SA *SOLID WASTE***

Ang Batas Republika Bilang 9003 na kilala bilang *Solid Waste Management Act of 2000.* Ang *solid waste* ay ang mga itinapong basura na nanggagaling sa mga kabahayan at komersyal na establisimyento, mga *non-hazardous* na basurang institusyunal at industriyal, mga basura na galing sa lansangan at konstruksiyon at basura na mula sa agrikultura.

Nagkakaroon ng suliranin sa solid waste sa bansa dahil sa iba't ibang dahilan. Marami ang walang disiplina sa pagtatapon ng basura. Marami ang nagtatapon ng basura mula sa tahanan kung saan-saan. Tone-toneladang basura ang itinatapon sa mga ilog, estero, kalsada, at bakanteng lote na lalong nagpapalala sa pagbaha at paglaganap ng mga insekto na nagdudulot naman ng iba't ibang sakit. Nakadadagdag pa sa suliranin sa basura ang kakulangan ng kaalaman o di kaya'y di pagsunod sa tinatawag na *waste segregation o* pagbubukod ng basura lalo na ang pagbubukod ng basura sa pinagmulan nito.

2. **PAGKASIRA NG LIKAS NA YAMAN**

Ang Pilipinas ay sagana sa likas na yaman. Malaki ang pakinabang na nakukuha ng ating bansa mula rito. Maraming Pilipino ang kumikita mula sa direktang paggamit ng mga likas na yaman tulad ng pagtatanim at pangingisda. Ito rin ang pinagmumulan ng mga hilaw na materyales na ginagamit sa pagbuo ng mga produkto.

Sa kabila ng pakinabang na nakukuha mula sa mga likas na yaman, patuloy itong nasisira at nauubos dahil sa mapang-abusong paggamit dito. Ang pagtaas ng demand dahil sa lumalaking populasyon, hindi epektibong pagpapatupad ng mga programa at batas para sa pangangalaga sa kalikasan, at mga natural na kalamidad ay banta rin sa likas na yaman.

3. ***DEFORESTATION***

Ang kagubatan ay isa sa pinakamahalagang pinagkukunang –yaman ng bansa. Hindi lamang ito nagsisilbing tahanan ng iba't ibang uri ng hayop kundi

nagbibigay rin ito ng kabuhayan sa mga tao. Nakatutulong din ito upang maiwasan ang pagguho ng lupa, at nagsisilbing proteksyon sa mga *water sheds*. Bukod sa mga ito, nakatutulong din ang mga kagubatan sa mitigasyon ng *climate change*. Sa kabila ng mga pakinabang na nakukuha mula sa mga kagubatan ay patuloy pa rin ang deporestasyon o pagkaubos nito.

Ang deporestasyon ay ang pangmatagalan at permanenteng pagkasira ng kagubatan dulot ng iba't ibang gawain ng tao. Halimbawa ng gawaing ito ay ang illegal na pagtotroso, illegal na pagmimina, migrasyon, at mabilis na paglaki ng populasyon. Ang pagkaubos o pagkasira ng kagubatan ay may malaking epekto hindi lamang sa forest ecosystem kundi pati na rin sa iba pang ecosystem na may kaugnayan dito. Dahil sa pagkasira ng kagubatan, naging mas madalas ang mga pagbaha at pagguho ng mga bundok.

**4. PAGMIMINA**

Ang pagmimina o mining ay ang gawain kung saan ang iba't ibang mineral tulad ng metal, di-metal, at enerhiyang mineral ay kinukuha at pinoproseso upang gawing tapos na produkto.Sa kabila ng mga benepisyong nakukuha mula sa pagmimina ay marami itong masamang dulot sa kalikasan. Ang mga ilog, lawa, at iba pang anyong tubig ay nakokontamina at nalalason. Dahil sa kemikal na kumakalat sa mga ilog, nagkakaroon ng mga *fishkill,* katulad ng nangyari sa Leyte na sumira sa kabuhayan ng mga mangingisda. Ang mga minahan sa mga lugar na may mataas na banta ng pagguho ay nagdudulot ng trahedya. Marami nang mga minahan ang gumuho na naging dahilan ng pagkamatay ng marami.

**5.*CLIMATE CHANGE***

Ang climate change ay ang pagbabago ng klima o panahon sa buong mundo. Ang mga sanhi nito ay ang natural na pagbabago ng klima dala ng epekto ng araw sa mundo, init mula sa ilalim ng lupa, labis na paggamit ng enerhiya, matinding polusyon at paggamit ng mga produkto at mga gawaing nagpaparami sa mga greenhouse gases.

Ang climate change ay maraming masamang epekto hindi lang sa kapaligiran kundi pati na rin sa mga tao. Ang *global warming* o pag-init ng temperatura ng mundo na siyang palatandaan ng climate change ay nagdudulot ng sakuna kagaya ng *heatwave*, baha, malalakas na bagyo, at tagtuyot na maaring magdulot ng pagkakasakit at pagpakamatay. Ilan sa mga sakit na maaring lumaganap ay mga sakit dala ng tubig o pagkain gaya ng cholera at iba pang sakit na may pagtatae, at mga sakit na dala ng mga insekto (lamok) tulad ng malaria at sakit na leptospirosis.

Dahil sa pagkasira ng mga komunidad dulot ng mga kalamidad na hatid ng climate change ay lumalaganap din ang malnutrisyon at iba pang suliraning panlipunan.

**ANO ANG NATUTUNAN?**

**GAWAIN 1:Larawan -Suri**

**Panuto:** Suriin ang mga larawan sa ibaba at tukuyin kung anong suliraning pangkapaligiran ang ipinapakita nito.

1.  ______________________________

2.  ______________________________


3.  ______________________________

4.  ______________________________

**GAWAIN 2:**

## MGA SANHI AT EPEKTO NG SULIRANING PANGKAPALIGIRAN

**Panuto**: Punan ang graphic organizer sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga dahilan at epekto ng mga suliraning pangkapaligiran.



**GAWAIN 3: PANGAKO KO!**

**Panuto:** Sumulat ng isang maikling panata sa pangangalaga sa kalikasan.

**PANATA KO PARA SA KAPALIGIRAN**

Ako si ______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________

______________________
Lagda

______________________
Petsa

**PANGHULING PAGTATAYA**

**Panuto:** Basahin at unawain ang sumusunod na katanungan. Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Anong batas ang ipinatupad upang magkaroon ng legal na batayan sa iba't ibang desisyon at proseso ng pamamahala ng solid waste sa bansa?
   a. Republic Act 7586 c. Republic Act 8742
   b. Republic Act 79482 d. Republic Act 9003

2. Ito ay tumutukoy sa anumang pangyayari, kalagayan, o problemang may kinalaman sa pagkasira ng kapaligiran at sa balanseng ekolohikal.
   a. Suliraning Pangkapaligiran b. Suliranin sa Solid waste
   c. Pagtrotroso d. Pagmimina

3. Alin sa sumusunod ang hindi sanhi ng Climate change?
   a. Labis na paggamit ng enerhiya
   b. Matitinding pagbaha
   c. Matinding polusyon
   d. Paggamit ng mga produkto na nagpaparami sa greenhouse gases

4.Saan nanggagaling ang malaking bahagdan ng itinatapong basura sa Pilipinas ?
   a. Pabrika    b. Palengke    c. Paaralan    d. Tahanan

5.Ang sumusunod ay mga suliraning pangkapaligirang nararanasan sa Pilipinas maliban sa _____________.
   a. Climate change    b. Ilegal na droga
   c. Solid waste    d. Pagkasira ng mga likas na yaman

6. Ano ang tawag sa mga itinapong basura na nanggagaling sa mga kabahayan at komersyal na establisimyento?
   a. Basurang institusyunal at industriyal
   b. Basura na mula sa agrikultura
   c. Non-hazardous
   d. Solid waste

7. Alin sa mga sumusunod ang pangunahing dahilan ng pagkakaroon ng suliranin sa solid waste?
   a. Di pagsunod sa tinatawag na waste segregation *o* pagbubukod ng basura
   b. Marami ang nagtatapon ng basura mula sa tahanan
   c.Tone-toneladang basura ang itinatapon sa mga ilog, estero at kalsada
   d.Walang disiplina sa pagtatapon ng basura

8. Alin sa sumusunod ang pangunahing dahilan kung bakit ang dating kagubatan ay nagiging plantasyon,subdibisyon,o sentrong komersyo?
   a. Ilegal na pagmimina    c.Pagdami ng populasyon
   b. Ilegal na pagtrotroso    d. Paglipat ng pook tirahan

9. Ang illegal logging ay isa sa mga dahilan ng mga suliraning pangkapaligirang dinaranas ng Pilipinas ngayon. Alin sa sumusunod ang bunga nito?
   a. Pagbaha    c. Pagkawala ng tirahan ng mga hayop
   b. Pagguho ng lupa    d. Lahat ng nabanggit

10. Ang pag-init ng temperature ng mundo ay nagdudulot ng mga sakuna gaya ng heatwave,baha at tagtuyot. Alin sa sumusunod ang maaaring maging epekto nito?
   a. Nanganganib lumubog ang mga mababang bahagi ng bansa
   b. Nagiging sagabal ito sap pag-unlad ng bansa
   c. Pagdami ng sakit gaya ng dengue,diarrhia,malnutrisyon at iba pa
   d. Sanhi ito ng paglikas ng mga tao papuntang siyudad

**SANGGUNIAN**

Modyul 2 -Araling Panlipunan Unang Markahan- Modyul 2:Mga isyung Pangkapaligiran ni Corazon G. Gaducio, Francisco P. Casipit Jr., Jose Gerardo Garcia
http://www.slideshare.net/hanibal258/araling-panlipunan-grade-10-q1-76627011

Kayamanan- Mga kontemporaryong Isyu Binagong Edisyon ni Eleonor D. Antonio, Evangeline M. Dallo, Consuelo M. Imperial, Ma. Carmelita B. Samson, Celia D. Soriano.

Department of Education. Araling Panlipunan 10 Learners Module. 2014.
Environmental Management Bureau. “National Solid Waste Management Report (2008-2018)”. Accessed July 10, 2020,
Slideshare. “Araling Panlipunan Grade 10 Q1”. Accessed April 23, 2020.

## SUSI SA PAGWAWASTO

Word Hunt

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| G | A | S | P | I | L | L | O | O | P | D | A | D | U | C |
| L | S | O | I | L | S | P | I | L | L | F | E | D | I | L |
| O | D | L | U | U | T | I | T | R | E | S | I | E | K | I |
| B | C | I | F | P | R | K | Y | U | I | Y | O | F | N | M |
| A | A | D | G | P | A | G | S | U | S | U | N | O | G | A |
| L | D | W | H | I | P | H | G | B | S | N | A | R | G | T |
| W | P | A | G | M | I | M | I | N | A | M | E | E | H | E |
| A | F | S | O | A | K | S | H | Y | T | O | Y | S | J | C |
| R | G | T | K | E | O | N | J | E | U | P | I | T | K | H |
| M | H | E | L | R | S | B | K | R | R | Q | O | A | L | A |
| I | L | L | E | G | A | L | L | 0 | P | G | I | T | Y | N |
| N | Y | N | M | Y | O | S | A | S | P | R | K | I | R | G |
| G | I | L | L | E | G | A | L | L | A | G | G | O | S | E |
| I | L | L | E | G | A | L | L | O | G | G | I | N | G | A |
| B | T | O | U | S | P | U | M | Y | S | S | L | E | Y | R |
| J | S | X | Z | R | Q | V | O | U | U | T | M | R | N | T |
| F | I | S | H | K | I | L | L | A | S | Y | N | T | M | H |
| K | O | Y | P | U | R | W | J | T | U | A | B | Y | O | N |
| L | P | H | O | E | S | X | N | I | L | Y | E | U | P | M |
| M | Q | W | Q | W | T | Y | Z | P | O | I | T | O | Y | K |
| N | R | E | R | T | J | K | L | M | G | O | W | P | T | H |

**A. Pababa**
1.Global Warming
2.Solid Waste
3.Trapiko
4.Deforestation
5.Climate Change

**B.Pahalang**
1. Pagmimina
2. Illegal logging
3. Pagsusunog
4. Oil Spill
5. Fish kill

**Paunang Pagtataya**
1. b 2. a 3. D 4. D 5. B 6. d 7. d 8. c 9. d 10. c

**Gawain 1**
1. Pagtrotroso 2. Climate Change
3. Pagmimina 4. Solid waste

**Gawain 2**
Solid Waste
Dahilan-Walang disiplina sa Pagtatapon
Epekto-Pagbaha

**Gawain 3- Malayang Pagsagot**

**Panghuling Pagtataya**
1.d 2.a 3.b 4.d 5.b 6.d 7.d 8.c 9.d 10.c

## BUOD

Napakahalaga ang pagtalakay natin sa kalagayan,suliranin at pagtugon sa isyung pangkapaligiran ng Pilipinas. Isa ito sa mahahalagang paksa sa Mga kontemporaryong isyu.Ito ay magdudulot ng kamalayan sa tao upang matugunan nang mabisa ang mga suliraning pangkapaligiran. Alam natin na ang bansang Pilipinas ay isang bansa kung saan malimit ang ang pagdating ng matitinding kalamidad na nagdudulot ng sakuna may kinalaman dito ang kapabayaan at pangaabuso sa kalikasan o kapaligiran. Mahalagang maunawaan ang kalagayanng pangkapaligiran upang makita ang mga suliranin at ang mga  akmang pagtugon sa mga ito.

## MAY AKDA



**ROFELIA B. GUDIA** Teacher III at guro ng Araling Panlipunan 10   sa Rizal National high School .